

# Chapter One



Hindi maalis ang tingin ni Michelle sa mukha ng kanyang boss, si Mrs. Evelyn Sarmiento, ang may-ari ng restaurant na mina-manage niya at siya ring may-ari ng labing-anim pa nitong branches, ang *Eve's Delicacy*. Hindi siya sigurado kung tama ba ang pagkakarinig niya sa matandang babae.

Did she just assign her to manage the biggest branch of *Eve's* in Manila? Hindi naman sa maliit ang restaurant na mina-manage niya sa Cebu, sa katunayan ay ito ang pangalawa sa pinakamalaki, and it was a fine dining restaurant, catering all of Cebu's richest businessmen and socialites and she was doing things superbly. Ang hindi lang maarok ng isip niya ay ang katotohanang nasa harapan na niya ngayon ang napakatagal na niyang pinapangarap. A chance to finally leave Cebu and be her own self.

"Michelle, are you with me?" untag sa kanya ni Evelyn. Nasa opisina siya nito. Nakaupo ang ginang sa likod ng mesa nito habang siya ay nakaharap dito. There was nothing intimidating about Evelyn. She had a very kind aura and looked young for her age of fifty-five. She was more of a friend than a boss to her. Kaya alam niyang nagmumukha siyang tanga ngayon.

“I’m sorry, Eve, what was that?”

Umikot ang mga mata nito, tanda ng pagka-amuse sa iginawi niya. “I said, my Manila branch manager decided to go abroad, may offer daw sa kanya doon sa isa sa mga sikat na restaurants. In two weeks, John will be leaving and I need you to take over. I have no choice, you’re the best manager I got. And to be honest, his leaving is a blessing in disguise because I’ve always wanted you to manage the main branch, anyway.”

“But, Eve, you know... I... I can’t just leave—”

Iwinasiwas nito ang kamay, tanda ng pagbabalewala nito sa gusto niyang sabihin. “Sabihin mo sa mommy at lola mo na magkakaroon ka ng fifty percent salary increase, labas pa doon ang monthly allowance mo which is twenty percent of your gross salary for working away from home. It’s a sweet deal, Michelle, tell them that.”

Napabuntong-hininga ang dalaga. Alam ng kanyang boss kung gaano ka-strict ang kanyang ina at lola. She was an only child and an only grandchild from a close-knit family. Ang kanyang daddy at ang ama nito ay sabay na namatay nang magkasama ang mga itong nagbakasyon sa Alaska. The father and son had an unreasonable love for fishing. Nag-malfunction ang makina ng fishing boat ng mga ito sa gitna ng malamig na karagatan ng Alaska at may bagyo pa noon.

That was seven years ago. Napakalaking dagok

ng pagkawala ng dalawa sa kanilang pamilya. Ang kanyang ina na noon pa man ay buhos na sa kanya ang lahat ng atensyon ay mas lalong naging mahigpit sa kanya. Ganoon din ang kanyang abuela. Alam ng mga ito ang lahat ng lakad ni Michelle, ang lahat ng kanyang ginagawa. They still prepared her breakfast, lunch and dinner. At kung nasa bahay siya buong maghapon ay walang oras na hindi siya hinahanap ng mga ito para lang masigurong ayos lang siya.

She adored them and love them like life itself, but clearly, she was suffocated. At matagal na niyang pinapangarap na mabigyan ng kahit kaunting kalayaan mula sa mga ito. Magbebeinte-cinco na siya at kahit minsan ay hindi pa niya naranasang malayo sa pamilya. And she craved for it. But she knew that what she wanted wasn't easy at all.

“I'm sorry, Eve, hindi ko pa matatanggap ang offer. I need to talk to them first. And I don't think I can give you the answer as soon as tomorrow. Birthday ni Lola ngayon and I cannot break this news to her on her day.”

“No worries,” mabilis na susog nito. “You got a week to decide.”

Tumango siya at ngumiti. “I'll let you know then...” Tumayo na si Michelle. Mag-a-alas-siete pa lang, alas onse ang kanyang uwi, pero nagpasya siyang umuwi nang maaga ngayon para sa kaarawan ng abuela.

“Uhm... Shellie?”

Napalington siya sa babae. Shellie ang kanyang palayaw at tinatawag siya ni Eve nang ganoon kung hindi patungkol sa trabaho.

“Yes?”

“Take the job, you know you need it...” sinsero nitong saad.

She smiled. “Later, Eve...” At tuluy-tuloy na siyang lumabas ng opisina nito. Sumaglit lang siya sa kanyang tanggapan at tumungo na sa kanyang kotse.

Habang nagmamaneho pauwi ay napuno ng pagkasabik ang kanyang puso. Pilit niyang iwinawaglit sa isip ang pagkakaroon ng sariling apartment, ang pagdidisenyo niyon ayon sa kanyang kagustuhan, ang paggising sa umaga na walang taong nagtatanong sa kanya ng kung anu-ano. And then going home late without worrying that two people would still be up worriedly waiting for her. Napailing siya. She was getting ahead of herself.

*Calm down, Shellie, sita niya sa sarili.*

Pagkababa sa kotse ay rinig na niya ang mabining usapan mula sa loob ng bahay. Her mother invited the Barramedas, her family's lifetime friend. Orihinal na magkakaibigan ang kanyang lola at lolo sa matatandang Barrameda, pero pumanaw na ang dalawa. But the friendship continued on to their children. And it ended there.

Napaismid na tumuloy na siya papasok ng bahay.

Walang tao sa living room, kaya sigurado siyang nasa dining room ang mga ito. Rinig na kaagad ni Shellie ang boses ni Edgar, ang best friend ng kanyang pumanaw na ama. Sigurado rin siyang naroon ang asawa nitong si Elsa. Napangiti siya, that should round up their guests for tonight.

“Hi, everyone!” masigla niyang bungad nang makapasok sa dining room.

Malalawak ang ngiting nilingon siya ng mga ito.

“Shellie, Darling!” kaagad na bati ni Elsa, mabilis itong tumayo upang salubungin siya ng yakap na ginantihan niya. “Kumusta?”

“I’m fine, Tita... You look very pretty.” At totoo ang sinabi niya. Elsa still looked like she was in her thirties wearing an elegant ivory dress. Nakalugay ang wavy nitong buhok na kulay tsokolate. Isa itong mestiza na lalong nagpatingkad sa kagandahan nito.

“And so do you, my darling...” saad nito.

“Thank you...”

Sunod siyang niyakap ni Edgar. “How was work, Hija?”

“Okay lang, Tito, it’s good to see you.”

“Come join us, Shellie,” aya ng kanyang ina na iniusod pa ang upuan palayo sa lamesa para sa kanya.

Hinalikan niya sa pisngi ang magulang bago ang abuelang malawak na nakangiti sa kanya. She had difficulty standing up now kaya siya na ang lumapit sa kabisera upang halikan ito.

“Hi, Lola, Happy Birthday ulit...”

Hinalikan din siya ni Lola Liz at naupo na siya.

“Kumusta ang trabaho?” tanong ng matanda.

Pilit niyang inalis ang biglang pagkaalala sa napag-usapan nila ni Evelyn at ngumiti. “Nothing unusual, ’La. It’s all good. Have you opened my gift?”

“Not yet, mamaya na bago ako matulog.”

Muli siyang napangiti. “Okay then.”

Sumulpot ang isa sa mga katulong at inilapag ang plato na may ilang hiwa ng premium steak and mustard mash. Sa gitna ng lamesa ay iba’t ibang starters na alam niyang personal na inihanda ng kanyang ina. The table setting was very simple but very elegant.

Akmang may sasabihin ang dalaga nang mapansin niya ang isang bakanteng silya sa kanyang tapat. May malawak na plato roon na may lamang pagkain na hindi pa nauubos. Her heart suddenly thumped painfully.

“W-whose plate—”

“Hello, Shellie Love...”

Michelle would recognize that voice even in her deepest sleep. Her heart stopped beating for a second before accelerating into full throttle. It took her a few seconds before gaining back her composure, she then looked at the man.

“Marco...”

Kailan nga ba niya huling nakita ang lalaking

ito? Right, seven years ago, nang libing ng kanyang daddy at lolo. He was probably twenty then and she was eighteen. She'd thought back then that he had a perfect body, handsome and perfectly sculpted face. Kaya hindi niya inaasahan ang hitsura ng kababata ngayon. He'd gotten even taller and his muscles were now more prominent. Every girl would agree that they would feel safe beside this man. Nakasuot ito ng itim na t-shirt na hapit sa katawan nito, all the more emphasizing his lean muscles, not showing even an ounce of fat. Pinarisan iyon ng lalaki ng kulay abong slacks, and a posh pair of *Martin Dingman's* crocodile shoes.

“Nice dress, Love,” anitong naglakad papalapit sa kanyang kinauupuan.

And needless to say, she was panicking inside. Alam niyang yayakapin at hahalikan siya nito sa pisngi, kagaya ng kinagawian nilang dalawa mula nang maliit pa sila. She was up for it, pero hindi niya ito inaasahan ngayon. Hindi siya handa. Ni sa hinagap ay hindi niya naisip na magkikita sila ng lalaking ito ngayong araw.

Nanginginig ang mga tuhod at nagdarasal na hindi iyon napapansin ng sinuman ay muli siyang tumayo upang salubungin ang lalaki. And then he was in front of her. Pumulupot ang mga braso nito sa kanyang baywang and she knew she flinched. There was that ridiculous electricity again, na palagi na ay nararanasan ni Shellie sa tuwing nagkakadaiti

ang alinmang bahagi ng kanilang mga katawan. And then his lips glided smoothly along her cheek and the world spun. Sinalakay ng nang-aakit nitong pabango ang kanyang pang-amoy at hindi rin nakatulong ang pagkaramdam niya ng hininga ni Marco sa kanyang leeg.

Mas lalo pa siyang napaigtad nang higpitan nito ang yakap sa kanya at may ibinulong.

“You smell beautiful, Love...” At muli ay hinalikan siya nito sa pisngi saka binitawan.

Kung hindi siya mabilis na nakakapit sa lamesa at sa sandalan ng upuan ay sigurado siyang nakalupasay siya ngayon sa sahig.

“Marco managed to get a few days off, kaya siya narito ngayon,” imporma ni Elsa na waring hindi naman napansin ang pagkagulantang ng buo niyang sistema.

“Yes, it’s a perfect timing. Napakatagal na rin mula nang huli akong maka-attend ng birthday ni Lola Liz, and of course, it’s always lovely to see Tita Mikey, and you... Love.”

Sinalubong ng dalaga ang tingin ni Marco. Alam niyang enjoy na enjoy palagi ang lalaki sa tuwing nasa harap sila ng matatanda. They weren’t supposed to fight, iyon ang mahigpit na bilin sa kanila ng mga magulang simula nang maliit pa sila. So even though somewhere in the past their closeness drifted away, napipilitan silang mag-aktong best friends sa harap ng mga ito.



Sapilitan siyang ngumiti. “We’re grown-ups now, Marco, so let’s stop with all those silly endearments. People could easily misinterpret those, you know...”

Tumaas ang kilay ng lalaki, and she realized how powerful and beautiful his deep-set eyes were. They were of dark brown framed by thick black lashes and thick manly brows. Anyone could easily get lost in them.

“I don’t mind, do you?” makahulugan nitong tanong.

Narinig ni Michelle ang mahinang tawanan ng mga nakarinig at alam niyang nagsipag-akyatan sa kanyang ulo ang lahat ng dugo sa kanyang katawan.

Sa kabila ng nararamdaman ay nagawa niyang pumeke ng ngiti. “First of all, the thought is gross as we all know, and second of all, you’re gross for even joking about that...”

Kumibit-balikat ang lalaki na humiwa mula sa steak sa plato nito. “Right, we’re like brother and sister, aren’t we, Shellie? After all, ako naman ang tinatakbuhan mo noon sa tuwing may nang-aaway sa ‘yo.”

“I wouldn’t go as far as brother and sister, Marco. Unang-una, hindi ninanakaw ng kuya ang baon ng kapatid—”

“Hey, that was one time!” mabilis nitong putol.

“Marco!” sabay-sabay at gulantang na bulalas ng ama at ina nito.

Napangisi si Michelle. “Pangalawa, hindi

tuturuan ng kuya ang kapatid na magsinungaling sa mga tao para lang pagtakpan ang kapalpakan niya. Brothers don't make their sister look silly in front of people just for the fun of it. So yeah..." Tumikhim siya. "We are friends, the typical kind. Nagkakatuwaan, nagkakapikunan."

"Wow!" bulalas ni Edgar. "That was quite a revelation, Shellie. Hindi namin alam na ganoon kakulay ang pagkakaibigan n'yo ni Marco."

"Oh, it was colorful, all right," singit ni Marco na hindi maalis ang tingin sa kanya. His red lips smirking, parang sinasabing alam nitong may iba pang rason kung bakit hindi niya masabing magkapatid ang turingan nila. Patago niya lang itong inirapan.

"By the way," bigla ay saad nito, "I heard John is leaving for US, hindi ba't ikaw ang nagma-manage ng branch ng *Eve's* dito?"

"How do you know John?" Muli ang pagsikdo ng kaba sa dibdib ni Michelle. The last thing she wanted to talk about was her work situation right now.

"Who's John?" tanong ni Lola Liz.

Pinandilatan niya si Marco na ikinakunot ng noo nito. Saka niya nilingon ang abuela. "Siya po 'yung manager ng main branch ng *Eve's* sa Manila."

"I thought Cebu's *Eve's* is the main branch?" sali ni Elsa.

"No, it's just the second biggest," pagtatama ng

kanyang ina.

“So wait,” muli ay sali ni Marco. “If you manage the second biggest branch, and the main branch’s manager is resigning...” Tila detective siya nitong tiningnan.

Sa klase ng tingin na pinupukol niya sa lalaki ay kulang na lang ay abutin niya ang isang bote ng red wine at ipukpok dito. But the idiot was clueless.

“Rightfully, ikaw ang papalit sa kanya.”  
Feeling henyo na lumiwanag ang mukha nito, tila kadidiskubre lang ng electricity. “Holy crap, Love, you’re moving to Manila?”

Parang pinagsakluban ng langit at lupa ang dalaga sa pagpapahayag ni Marco ng konklusyon nito. Dahan-dahan niyang nilingon ang ina at abuela. Right now, their faces reminded her of their reaction when they received that phone call about their husbands.

“Shellie...?” anang inang puno ng pangamba ang mukha.

“M-Mommy...”

“You’re not leaving this house, Michelle,” maawtoridad na saad ng kanyang abuela na sa mukha ay halatang tuluyan nang nawalan ng gana sa maliit nitong party.

Michelle was speechless. Hindi pa siya handang sabihin sa mga ito ang offer sa kanya. She simply had no idea what to say. And she was feeling so bad because the news definitely ruined her

grandmother's day.

Matalim ang tinging ipinukol niya kay Marco na ngayon ay tila na-realize na rin ang ginawa.

“Liz, Mikey, hindi sa pakikisali sa issue na ito, but I think it's a great opportunity for Shellie...” ani Elsa sa malumanay na boses.

“Were you offered the job?” tanong pa rin ng kanyang ina na hindi pinansin ang sinabi ng kaibigan.

Malalim siyang bumuntong-hininga. “Yes...”

Rinig niya ang paghugot ni Mikey ng hininga sa narinig nito.

“That's wonderful! Congratulations, Hija!” It was Edgar, who obviously had no idea about her house dilemma.

“You're *not* going to take it.”

Sabay-sabay silang napalingon kay Lola Liz, her voice was full of finality. Wala ring kangiti-ngiti ang mukha nito and she had a feeling that dinner was over.

“Lola Liz, come on... Shellie is what, twenty-five? I'm sure she can take care of herself now.”

“No, she can't!” the old lady snapped. Pero hindi nagpaapekto si Marco. He never really feared the old lady. He would just always charm his way into her favor.

Ngumisi ito. “Come on, 'La, can't you imagine a life without her? You can finally look after yourselves at hindi lang pulos si Shellie ang

inaasikaso n'yo. You could even take a vacation with Tita Mikey, and if you're nice to me, I might even pay for it... you know?"

Alam niya ang ginagawa ng lalaki. Michelle was sure he was realizing by now na hindi ganito ang nakaplano niyang pagpapaalam sa matatanda. He just basically ruined her chance of getting out of her grandmother's house. Her plan was to make sure they were in a good mood, in good condition at walang problemang iniisip. Not today when her grandmother was panicking about her illness and her age.

"...Shellie is a big girl, 'La, Tita Mikey... Let her go. What was that song? Oh..." And the idiot started singing—out of tune, "*Let it go, let it go, can't hold it back anymore...*"

"Marco, tigilan mo 'yan!" nanlalaki ang mga matang sita ni Elsa.

Samantalang maang siyang nakatingin sa lalaki. "Did you just sing a soundtrack from *Frozen*?" di-makapaniwalang tanong niya.

Kumibit-balikat lang ito at tinungga ang red wine mula sa kopita.

"I am sorry, but I am not feeling well. This dinner is over."

May concern sa mga mukhang nilingon nila ang kanyang Lola Elizabeth. Now she looked even older than her age.

Tatayo sana si Michelle para alalayan ito para

kaagad siyang sinaway ng matanda.

“You’re not talking to me until you’re ready to tell me that you’re not taking the job.”

Parang tuod na napatayo siya nang tuwid sa narinig. Mabilis na nanubig ang kanyang mga mata at ang tanging nagawa niya ay kumapit sa gilid ng mesa upang manatili siyang nakatayo. Hinatid na lang ni Michelle ng tanaw ang kanyang ina na inaalalayan ang matanda sa pag-akyat patungo sa kuwarto nito.

Gusto na rin niyang magtungo sa kuwarto, pero hindi niya puwedeng iwan ang mga panauhin. Kailangan niyang harapin ang mga ito dahil hindi naman puwedeng ipagtabuyan. And besides, gusto pa niyang makausap si Marco. The inconsiderate bastard!

She was going make him fix this.



# Chapter Two



“Ma’am, may naghahanap po sa inyo sa labas...”

Nilingon ni Michelle si Katrina na isa sa mga waitress ng *Eve’s*. Naramdaman niyang nag-init ang kanyang mukha, kaya alam na niya kaagad na si Marco ang tinutukoy nito. Every girl would swoon around the guy, at isa iyon sa mga kinaiinisan niya sa lalaki. Because he had the same effect on her, ang kaibahan lang ay nagagawa niya iyong itago.

“Please send him in, Katrina. Thank you...”

“Okay po.” Akmang tatalikod na ito pero muling lumingon. “Ah, Ma’am, pasensya na po kung magpapakatsismosa ako, pero boyfriend n’yo po ba siya?”

Napangiti siya. “No, so you can have a go at him.”

Kinikilig itong mabilis na tumalikod. Hindi nagtagal ay nasa bungad na ng pinto ng kanyang opisina ang bisita, nakangisi.

Huminga siya nang malalim para pigilan ang muling pagbilis ng tibok ng puso pagkakita sa guwapong mukha ni Marco. Simpleng khaki cargo shorts, white fitted t-shirt at rubber shoes ang get-up nito. Ang buhok nitong maikli ang pagkakagupit ay

simpleng naka-gel lang. He looked so fresh and if she was any closer, siguradong maamoy niya ang pabango nitong gamit simula pa noon. The scent that would always cause her senses to go overdrive.

“Sa hilatsa ng mukha mo ay mukhang nagustuhan mo si Katrina.”

“She’s hot,” kibit-balikat nitong sagot at naglakad papalapit sa kanya. “So bakit dito tayo mag-uusap sa loob ng opisina mo? I thought when you asked me last night to come here, I was gonna get a free meal.”

Tinaasan niya ito ng kilay. “Katrina is all that you’re getting in this place, Marco. Now take a seat.”

Napatawa ang lalaki bago pabagsak na naupo sa upuan sa harap ng kanyang desk. “Always so grumpy, Love. Lighten up a little.”

Sarkastiko siyang ngumiti at tumuwid ng upo. “Hindi ako ganito ka-uptight usually, Marco.”

“So bakit simula kagabi ay hindi pa kita nakitang ngumiti sa akin?”

“I don’t know, siguro dahil maayos lahat ng plano ko bago ka dumating at sinira iyon. And not only that, ikaw rin ang may kasalanan kaya hindi ako kinakausap ni Lola at kibuin-dili ako ni Mommy. So forgive me then, if I find it hard to smile in front of your ugly mug.”

“Ugly mug?” Tuluyan na itong napahalakhak. “Come on, Shellie, it might be true that I’m partly responsible for what happened last night, I wouldn’t



be here if I didn't feel bad about it. But to tell me that my face is ugly is a proper bullshit."

Hindi makapaniwalang pinakatitigan niya ang kausap na kumpiyansang nakangisi. "Kailan ka pa naging sobrang vain?"

"I'm not vain, I just know me... and I know you don't find me ugly at all. Right, Shellie Love?"

Iritadong napailing siya, pilit iniignora ang malanding pagkakatingin ni Marco sa kanya. Mas lumala ang pagkapresko ng lalaking ito.

"I find you ugly. Period. Now shut up."

Mataman siya nitong pinagmasdan, tila inaarok ang kanyang sinabi na muli niyang ikinailing. He was serious too. She ignored it.

"I'm sure alam mo na ang rason kung bakit ako nakipagkita sa 'yo ngayon."

"Yeah, I know..." mabilis nitong susog. "Look, Shellie, hindi ko sinasadya na ibuking ka kagabi. Matagal-tagal na rin mula nang huli ko silang nakita, kaya nawala sa isip ko kung gaano sila ka-protective sa 'yo. I know now that I shouldn't have brought it up."

"Too right, you should have just minded your own business."

Tumango ito. "I know. But look, it's done and there is nothing I can do about it. Nakita mo namang sinubukan kong kumbinsihin sila, di ba? But we both know them, they won't let you go kahit gaano pa ka-perfect ang timing mo."

“You don’t know that!” she snapped. “At kahit ano pa ang sabihin mo, kasalanan mo pa rin kung bakit nabulilyaso ang plano ko. So it’s your responsibility to fix it. Talk to them hanggang sa payagan nila akong umalis. You’re pretty good at convincing people so it wouldn’t hurt if you use that convincing power for me, dahil ikaw naman ang may kasalanan ng nangyayari ngayon.”

“Why do you wanna go to Manila, anyway? And can I have at least a drink, please? For God’s sake, for a five-star restaurant, your customer service sucks.”

Humugot ng malalim na hininga si Michelle para pigilan ang sariling hambalusin ito ng tablet na nasa harap niya. “Fine!”

Padaskol na inabot niya ang telepono para tawagan ang bar ng restaurant. “What do you want?”

“Beer,” deadpan nitong sagot.

Nangungunot ang noong bumalik ang paningin niya kay Marco. “It’s only two in the afternoon!”

Ngumisi lang ito. “Happy hour!”

Inirapan niya ang binata. “Pakidalhan ako sa office ng *Stella Artois*, thanks,” aniya sa kausap sa kabilang linya bago ibinaba ang handset.

“You still know my brand,” puna nitong matamang nakatingin sa kanya.

“I don’t forget things easy, Marco,” makahulugan niyang sagot.

“I bet you don’t,” sang-ayon nitong hindi pinapakawalan ang kanyang paningin.

For the nth time, she inhaled sharply. “Anyway... back to business.”

“Yeah, so bakit gustong-gusto mong lumipat sa Maynila? You have a good job here, I’m sure you’re paid very well and you’re close to your family. Not to mention life in Cebu is much less of hassle compared to Manila.”

“I’m twenty-four, Marc, and will be twenty-five soon. Alam mong mula nang maliit ako ay hindi nila ako pinapayagan kahit sa mga camping activities ng school.”

“Yeah, you used to cry on me every time they turn you down.”

“Far from my point,” mabilis niyang kontra. “All I really want is to experience living away from them. Mahal ko sila, they’re my everything, but I don’t—“

“Yeah, yeah, I get it,” putol nito.

“You can’t possibly get it, I’m in the middle of my story,” iritado niyang pakli.

“No, I do. Gusto mong ma-experience ang normal na nararanasan ng mga nasa edad mo. Living independently, being adventurous, meeting new people, blah-blah-blah...” patuloy ng lalaki.

“More than that, I want to know how it feels like to survive without their help. Iyong hindi sila naapektuhan sa tuwing may personal akong problema. I could never hide things from them

when they are around. Minsan, may nagreklamong customer dito, she threatened to sue the restaurant. And guess what Lola did...”

“Nakiusap sa magrereklamong huwag nang ituloy ang demanda?” hula ng binata.

Michelle shook her head. “No, she had her investigated and threatened to expose her affair with a workmate kung hindi raw nito titigilan ang panggugulo sa akin.”

Amusement filled his eyes. “You’re shitting me.”

“I shit you not...” Napailing siya. “I could have easily handled that. Napakaliit niyong bagay, but they always find ways to know at palagi silang nakikisali sa desisyon ko. All I really want is a little bit of freedom. And you ruined that for me.”

“And this all goes back to me...” Marco concluded.

“Yeah, and you are gonna fix this...” sang-ayon ng dalaga.

Pumasok sa opisina niya si Katrina, bitbit ang tray na may bote ng beer at baso. Halatang bagong retouch ito.

“Well, hey there, Katrina!” masiglang bati kaagad ni Marco.

“Andito na ’yung beer mo...”

Pinigilan niya ang mapatawa sa sadyang pagpapa-cute ng waitress, ni hindi man lang siya nito tinapunan ng tingin. Katrina’s eyes were glued to Marco who seemed to be enjoying the situation

thoroughly.

“Thanks, beautiful...”

Mas lalong lumawak ang pagkakangiti ng dalaga at wala nang ibang magawa si Michelle kundi ang mapailing.

“See you later...” landi pa ni Marco matapos kunin ang bote ng beer.

Kekendeng-kendeng na rumampa si Katrina palabas ng opisina hanggang sa silang dalawa na lang uli ng lalaki ang naiwan.

“Back to business, Marco...”

Parang nagising na bumalik ang tingin nito sa kanya. “Where were we?”

Inirapan niya ang lalaki. “You are gonna convince Lola and Mommy to let me go...”

“At sa tingin mo, paano ko naman gagawin iyon?”

“I don’t care!” mabilis niyang pakli. “Basta gawin mo...”

“Katrina—I mean, Shellie—”

Halos magpang-abot ang mga kilay ni Michelle sa pagkakamali nito sa kanyang pangalan. Wala talaga ang isip nito sa dinadala niyang problema. “You know what—”

“Look, I’m sorry,” pigil pa ang tawa nitong putol sa kanya. “Okay, I’ll do my best...”

Taas-kilay niya itong hinarap. “Never mind.”

“What?” taka nitong balik, nangungunot na rin ang noo.

“Forget this whole thing. Ako na ang mag-aayos nito. I don’t need you... Ni isang segundo ay hindi mo magawang mag-focus sa pinag-uusapan. So I must be crazy thinking na magagawa mo ang hinihingi ko. Get lost, Marco.”

“Shellie—”

“Leave me alone!”

Hindi na niya nilingon ang lalaki, pero alam ni Michelle na nakatiim na ang mga bagang nito dahil sa pagtataboy niya. Tahimik itong tumayo at umalis.

Naiwan siya na nakakuyom ang mga palad, namamawis iyon pati na ang kanyang noo. Mas lalo lang lumala ang sama ng kanyang loob.

Walang nagbago kay Marco, napakadali pa rin ditong kalimutan siya. It didn’t matter what situation they were in, or where they were, a small distraction would easily lead him to forget about her. Na parang kinakausap lang siya nito, pinapakisamahan dahil wala itong pagpipilian.

Hindi lang ang pagtawag nito sa kanya ng ‘Katrina’ ang ikinasasama ngayon ng loob niya. The situation had happened countless times in the past....



Lulugu-lugo si Michelle habang naglalakad papasok sa pinto ng kanilang bahay. Inubos niya ang buong araw sa trabaho sa pag-iisip kung paano ang gagawin niyang pakiusap sa pamilya para lang payagan siya ng mga itong lumabas ng Maynila.

This thing shouldn't be hard for someone her age, pero iba ang kanyang pamilya.

Nagtaka pa siya nang may maulinigang usapan sa living room, at nang makarating doon ay natulos siya sa kinatatayuan. Naroon ang kanyang lola at mommy kausap ang ama at ina ni Marco. Maging ang binata ay nandoon din.

“Ano'ng nangyayari dito?” kunot-noo niyang tanong, seryoso ang mukha ng mga ito.

“Come sit with us, Darling...” ani Mikey.

Mabagal siyang naupo sa tabi ng ina, hindi man lang siya nilingon ng kanyang lola. Already, she was missing the old woman's affection. Ngayon pa lang nangyaring hindi siya nito pinapansin.

The old lady must have been really frustrated with her. Humugot siya ng malalim na hininga bago muling nagsalita.

“So what's with this meeting?”

“They are all trying to convince us that we should let you go,” pormal na sagot ni Lola Liz.

Napalingon siya kay Marco na tumango sa kanya. And Michelle could tell that by the way his face was distorted, he was getting no luck in his mission.

“We all know how precious Shellie is for you both,” sabi ni Elsa, “we'd hate to see her go, too. But, Liz, Mikey... realize how much this would mean to her. Kayo man ang ilagay sa posisyon niya, you would crave to experience new things...”

“She doesn’t need to experience new things,” matigas na pakli ni Liz. “Ang importante ay may maayos at stable siyang trabaho, maayos ang kanyang buhay, napupunan ang kanyang pangangailangan at malapit siya sa amin ng mommy niya. I can’t imagine a life without her.”

Doon na nagsimulang sumingit ang dalaga. “Lola,” malumanay niyang tawag dito, “hindi ako mawawala, I would just be working elsewhere. Uuwi ako dito nang madalas kung papayagan n’yo ako. I know I can’t stand being away from you both for long. Tungkol naman sa trabaho, it’s going to be more stable. I will get fifty percent salary increase, plus a twenty percent allowance for working away from home.”

Napailing ang kanyang ina. “So you’ve really considered going there without telling us...”

“I have,” derecho niyang sagot. “Mommy,” hinawakan niya ang kamay nito, “sooner or later, you’d have to let me go. Bakit hindi ngayon?”

“We’re scared!” Ang lola niya ang sumagot.

“What?” kunot-noo niyang balik. “Ano’ng kinatatakutan n’yo?”

“Hindi ka sanay mag-isa, Shellie. How are you going to survive there? Who’s going to guide you? Who is going to take care of you?” anito na ngayon ay nakatingin na sa kanya, puno ng pag-aalala at pangamba ang mga mata.

“Yes, paano kung masiraan ka ng kotse sa gitna



ng kalsada? Sino'ng tatawagan mo? Paano kung ma-snatch ang bag mo at ang telepono? Sino ang lalapitan mo? We won't be there. Your Tita Elsa and Tito Edgar won't be there..."

"I'll be there."

Sabay-sabay silang napalingon kay Marco na seryoso ang mukha.

*About time you say something sensible,* napapabuntong-hiningang saad niya sa sarili. "Yes, Mom, 'La, Marco will be there. I'm sure hindi niya ako pababayaan."

Tumangu-tango rin ang mga magulang ng lalaki, tila nakakita ng pag-asa. Halatang pinakiusapan ni Marco ang mga ito para tumulong na kumbinsihin ang kanyang ina at lola.

"I've been living in Manila for so long now at alam ko na ang pasikot-sikot doon. Matutulungan ko rin si Shellie na makahanap ng disente at ligtas na apartment, 'yung malapit sa kanyang pagtatrabahuhan. And I promise, she will be my priority. I will always look after her. We're all practically family. Shellie might leave her family here, but she will also have a family there. Me." The sincerity in Marco's voice this time was unmistakable.

Lahat ng taong nasa living room ay nakatingin dito, lalo na si Michelle. It had been so many years since he had said something that truly touched her. She remembered now that Marco could be a nice

man when he chose to be.

“Fine...”

Parang may tumadyak sa dibdib niya nang marinig ang sinabing iyon ng kanyang lola, magkahawak-kamay ito ngayon at ang kanyang ina, waring mayroon nang napagkasunduan.

“What do you mean, fine?” halos hindi humihinga na tanong niya. Ang lahat ay nakaantabay rin sa sagot ng kanyang abuela, pero si Mikey ang sumagot.

“We’re letting you go...”

“You mean...?” Nanlalaki ang mga matang hinarap niya ang ina, nagsisimula nang mapuno ng excitement ang kanyang dibdib.

“On one condition, Anak.”

“Anything!” mabilis niyang susog, ang mahalaga para sa kanya ay pinayagan na siya. This was a dream come true.

“You will be living with Marco...”



# Chapter Three



“Excuse me?” Nandidilim ang paningin ni Marco sa sinabi ng ina ni Michelle.

“You all heard me right. Papayag lang kami na lumipat si Shellie sa Manila kung doon siya titira kay Marco.”

“Mommy, that is insane!”

Napalington ang binata sa nanghihilakbot na mukha ng kababata. It took him a while to even recognize that horrified face, mas naka-focus siya sa bilugan nitong mga mata na naadornohan ng malalantik na pilik, her cute doll-like nose and pouty red lips he longed to kiss a million times. Damn, Michelle was... Marahas siyang napailing. There wasn't an adjective that was enough to say just how perfect she was in his eyes.

“He promised to look after you, Shellie,” ani Lola Liz. “And the only way he could fulfill that promise is if you live with him. Paano ka niya mababantayan at masisigurong ligtas kung hindi naman kayo magkasama?”

“I am sorry, I cannot accept that. It is crazy to even think that I'd consider that,” sa wakas ay nasabi ni Marco. There was absolutely no way he could let Michelle live in the same house as him. That was

just brutal for him and too dangerous for her.

Nakita niyang nilingon siya ng dalaga, halatang hindi nagustuhan ang kanyang sinabi.

“Yes, Lola, that is just crazy! Hindi ko maaatim na makasama siya sa iisang bubong. My God, do you even realize what that means? Marco is a grown man and I’m a lady. Naiisip n’yo ba ang consequence n’on?”

“Excuse me,” singit niyang nangungunot na rin ang noo. “What are you trying to say, na sasamantalain kita?”

Inirapan lang siya ng kababata. “Oh, please, posteng suotan mo ng palda, papatusin mo.”

Tuluyan nang nag-init ang kanyang ulo. Parang napakababa yata ng tingin ng babaeng ito sa kanya. “You know what,” he said calmly, “she’s right. Living together means seeing each other all day and there’s nothing I can do to stop her from falling in love with me. And when that happens—“

“Oh shut up, Marco!” angil nito na inignora lang niya.

“And when that happens, hindi natin alam kung ano ang gagawin ni Shellie para makuha ang atensyon ko. And hey, I’m just a man with needs...”

Nakita niyang napahugot ng pagkalalim-lalim na hininga si Michelle, sabay turo sa kanya na hindi makapaniwala. Pulang-pula ang mukha nito. “How dare you even think that! I wouldn’t fall in love with you even if you were the last guy on Earth! You are

gross!”

Napangisi na si Marco. “See, Tita Mikey? Lola Liz? That is a clear sign of a girl in love. Pinagtatakpan ng pagtataray ang pagkakilig.”

“Oh, my God!” Halos mabali ang leeg ni Michelle sa kaiiling nang dahil sa sinabi niya and it took him a considerable amount of self-control para lang hindi mapabunghalit ng tawa.

“I think it’s a great idea...” sa wakas ay sali ng kanyang ina, samantalang ang asawa nito ay tahimik lang pero halatang nakikitawa sa kanya.

“Mom, please,” mabilis na sita rito ni Marco. “Huwag n’yo nang gatungan ang ideya nila.”

“No, they’re right. How else can you better look after Shellie if she’s not living with you? At ikaw na rin ang may sabi na ikaw ang pamilya niya doon.”

“At sinabi niya ring baka ma-in love ako sa kanya!” mabilis na singit ni Michelle na pulang-pula pa rin ang mukha. “And he basically insinuated that if that happens, wala siyang choice kundi patulan ako. How gross is that?”

“Oh, come on, Shellie, you know Marco. You know he was joking... Right, Marco?” Nilingon siya ng ina.

“Maybe I was, or maybe I wasn’t...”

“You p—”

“I am done here!” putol ni Lola Liz sa napipintong pag-murder sa kanya ni Michelle. “That’s the condition; take it or leave it, Shellie.”

“Lola...” tangka nitong apela.

“Nothing can change our minds...” saad ni Mikey at nilingon ang kanyang mga magulang. “Let’s leave the kids to talk...”

Hindi nagustuhan ni Marco ang nakita niyang makahulugang pagngitian ng mga ito. And then the next thing he knew, silang dalawa na lang ni Michelle ang nasa living room ng mga ito.

Nakaupo ito sa kaharap niyang upuan, ang siko ay nakapatong sa tuhod habang minamasahe ang sintido. Her long wavy hair was on one side of her shoulder showing her satin-smooth neck na kitangkita sa suot nitong off-shoulder white summer top. Her hoop earring conveniently played across her smooth neck and shoulder. It was almost midnight and he was supposed to see someone, but he didn’t mind staying right where he was at that moment—looking at Michelle.

“This is a disaster!” mayamaya pa ay bulalas nito, sabay harap sa kanya.

Naramdaman niya ang tila pagkawala ng laman ng kanyang tiyan nang salubungin ang mga mata ng dalaga. She was clearly tired now, namumungay na ang mga mata, ang makinis na mukha ay dahan-dahan nang kumakalma. He’d never seen a skin so translucent. Only his Shellie Love had it. And she was breathtaking.

“Why don’t you take a rest? We can talk about this tomorrow,” nasabi ni Marco.

Umiling-iling ang dalaga. “No. I want to settle this now... I just want to say na hindi ako titira sa ’yo. If that’s their condition then I’m not taking the job. It’s just crazy...” anitong kinusot-kusot pa ang mga mata.

Napangiti siya. She was known to make nonsense decision when she was tired and sleepy. He on the other hand was about to make a decision that would definitely change his entire life.

“Malaki ang condominium unit ko sa Maynila, Shellie. I have two big rooms, wide kitchen and dining area and an insanely huge entertainment room.”

Kunot-noong hinarap siya nitong muli. “What are you saying?”

Kumibit-balikat siya. “I am hardly ever home. Nasa opisina ako buong araw at late na kung umuwi. Hindi tayo halos magkikita.”

“Sinasabi mo bang pumapayag ka nang tumira ako sa ’yo?”

“Nasa ’yo ang desisyon. But this is good, you know. Ngayon pinapayagan ka na nilang lumayo sa kanila, and this is a very big step for your family. So who’s to say that maybe in a month or so ay tuluyan ka na nilang payagang mag-isa. I say you better take this...”

Mataman siya nitong tiningnan at hindi mawari ni Marco kung ano ang nilalaman ng isip ng dalaga. Her face showed millions of emotions and yet he

couldn't name one. Napabuntong-hininga siya. Michelle had been so hard to read. He'd always been a sucker for her. At alam niyang napakalaking desisyon ang pino-propose niya sa dalaga ngayon. He fought his own monster for years just to keep his hands off this pretty woman and here he was now, baiting her into his den.

Ilang taon na bang laman ng mga panaginip niya ang babaeng ito? Back in his early twenties, matapos niya itong huling makita sa libing ng ama at lolo nito, ilang beses ba siyang nagising na pawisan at habol ang hininga dahil sa mga imahe nito sa kanyang panaginip? Imahe nila.

But he was a proper playboy. Michelle was precious to him but he knew that if he pursued something with her, he would get tired of her. And he could never go back to where they were. Mayroon silang napakakulay na pinagsamahan. And yet here he was, risking that just because he felt sorry for her.

Napailing siya, gustong kutusan ang sarili. He knew damn well that this decision he was making wasn't for Michelle, but for himself. Simula nang makita niya ito nang nagdaang araw ay parang sinilaban ang bawat ugat sa kanyang sistema. He couldn't get enough of looking at her, and he couldn't stop dreaming about touching her... and doing things to her. He inhaled sharply, he could feel his body reacting to all the perverted thoughts that



just came rushing to his mind.

*F\*ckin' hell, say no, Shellie Love.*

“I promise I won’t get in the way of your normal life... It will be like I’m not living with you at all...”

*I better start digging my own grave. Malawak siyang ngumiti. “Perfect!”*

